

**Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang
Pangkalusugan ng California**

Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal Dental

2023



Table of Contents

Panimula.....	1
California Medi-Cal Dental Program	2
Mga Impormasyon at Mapagkukunan sa Online	3
Paano Kami Kokontakin.....	6
Tulong sa Wika.....	7
Awtorisadong Kinatawan	8
Paggamit ng mga Serbisyo sa Ngipin sa Ilalim ng Medi-Cal	9
Mga Benepisyo sa Ngipin ng Medi-Cal.....	9
Mga Tagapagbigay ng Serbisyo ng Medi-Cal Dental	11
Pagkuha ng Pangangalaga ng Ngipin	13
Halaga ng mga Serbisyo sa Ngipin	17
Transportasyon at mga Iba pang Serbisyo.....	20
Pamamahala ng Kaso.....	22
Proseso ng Reklamo.....	23
Proseso ng Pagdinig ng Estado.....	33
Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin at Iba pang Kahulugan.....	35
Ang Mga Karapatan at Responsibilidad Mo	38
Mahalaga sa Amin ang Iyong Pagkapribado.....	39

Panimula

Ikinalulugod naming ibigay sa iyo ang Handbook ng Miyembro ng (Handbook) Medi-Cal Dental. Ipapaliwanag ng Handbook na ito ang iyong mga benepisyo sa ngipin, kung paano gumagana ang programa, at kung paano ka makakakuha ng pangangalaga ng ngipin.

Ang kalusugan ng bibig ay isang mahalagang bahagi ng pangkabuuang kalusugan. Saklaw ng Medi-Cal Dental Program ang maraming serbisyo para mapanatiling malusog ang iyong mga ngipin. Makukuha mo ang karamihan ng iyong mga benepisyo sa ngipin sa Medi-Cal kapag ikaw ay:

- Magpatingin sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal para kumuha ng mga sakop na serbisyong kailangan mo.
- Regular na magpatingin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal, kahit na wala kang problema sa iyong mga ngipin.
- Sundin ang payo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal tungkol sa pangangalaga ng ngipin (tulad ng pagsisipilyo at pagpo-floss).

Mangyaring basahin mabuti ang kabuuan nitong Handbook. Mayroon itong mahalagang impormasyon tungkol sa:

- Mga serbisyo sa ngipin na saklaw ng Medi-Cal.
- Paano kukuha ng pangangalaga sa ngipin.
- Paano kukuha ng tulong sa ibang mga wika.
- Ang mga karapatan at responsibilidad mo.
- Paano gagawa ng reklamo.
- Iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa ngipin sa ilalim ng Medi-Cal.

Gumagamit ang handbook na ito ng ilang salitang dapat mong malaman:

Ikaw, Iyong, Akin, Ako, Miyembro	Ang taong karapat-dapat para sa mga benepisyo sa ngipin sa Medi-Cal o ang kanilang Awtorisadong Kinatawan
Kami, Amin, Namin	Tumutukoy sa Medi-Cal Dental
Ang iyong Tagapagbigay ng Serbisyo sa Ngipin	Ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na pinili mo para sa iyong pangangalaga ng ngipin

Mangyaring basahin ang seksyon na **Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin at Iba pang mga Kahulugan**. Ipinaliliwanag nito ang maraming salita na may espesyal o teknikal na mga kahulugan sa ilalim ng Medi-Cal Dental.

California Medi-Cal Dental Program

Nagbibigay ang Medi-Cal ng libre o murang pangangalagang pangkalusugan at mga benepisyong sa ngipin sa mga karapat-dapat na residente ng California. Ang pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal Dental Program ay ipinapasya ng isang opisina ng Mga Serbisyong Panlipunan ng County at iniuulat sa Estado ng California. Upang malaman kung karapat-dapat ka, tawagan ang lokal na opisina ng Mga Serbisyong Panlipunan ng iyong County. Ang kumpletong listahan ng mga tanggapan ng county ay nasa website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#). Hindi mo kailangang mag-apply nang hiwalay para sa mga benepisyong sa ngipin.

Medi-Cal Dental (May Bayad na Serbisyo) at Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Ngipin (Sacramento County at Los Angeles County)

Ang Medi-Cal Dental Program ay binubuo ng dalawang sistema ng paghahatid: Medi-Cal Dental (May Bayad na Serbisyo) at Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Ngipin (Sacramento County at Los Angeles County). Ang May Bayad na Serbisyo ay isang paraan ng Medi-Cal sa pagbayad sa mga doktor at iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal Dental ang programa sa karamihan sa mga county ng California. Ang impormasyon sa Handbook na ito ay para sa mga miyembro ng May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal Dental.

Kung nakatira ka sa Sacramento County, kailangan mong magpatala sa Dental Managed Care (DMC) at itatalaga ka sa isang tagapagbigay ng serbisyo na dentista sa network ng iyong DMC na plano. Kung nakatira ka sa Los Angeles County maaari mong piliing mag-enroll sa DMC o manatili sa May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal Dental. Kung mag-e-enroll ka sa DMC, pipiliin mo ang plano at ang plano ay magpapadala sa iyo ng isang card sa ngipin at impormasyon sa iyong benepisyong. Mangyaring bisitahin ang [pahina ng mga Miyembro ng Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Ngipin](#) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DMC.

Planong Pangkalusugan ng San Mateo (San Mateo County)

Simula sa Enero 1, 2022, kung ang iyong medikal na planong pangkalusugan ay ang Planong Pangkalusugan ng San Mateo (Health Plan of San Mateo, HPSM), makukuha mo ang iyong mga serbisyo para sa ngipin sa HPSM. Para sa tulong sa paghahanap ng isang dentista o para sa tulong upang makakuha ng mga serbisyo para sa ngipin, maaari mong tawagan ang 1-800-750-4776 (libre) (TTY 1-800-735-2929 o 711). Maaari ka ring bumisita sa website ng HPSM sa www.hpsm.org/dental para sa karagdagang impormasyon.

Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyong sa Medi-Cal

Kapag naging karapat-dapat ka para sa mga benepisyong sa Medi-Cal, magbibigay ang Estado ng isang Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyong (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal. Magsisilbi ang BIC bilang isang pagkakakilanlan (ID) para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Kailangan mong ipakita ang iyong BIC sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para makatanggap ng mga serbisyo sa ngipin. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng card ay hindi garantiya ng pagiging kwalipikado para sa mga benepisyong ng Medi-Cal.

Tanging ang miyembro ng Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (California Children's Services) ang magkakaroon ng BIC na may 10-character na ID. Lahat ng iba pang miyembro ng Medi-Cal ay may BIC na may 14-character na ID. Kung hindi mo natanggap ang 14-character na BIC ID, tawagan ang tanggapan ng Mga Serbisyong Panlipunan sa iyong County.


Kung hindi mo natanggap ang iyong BIC o nawala o ninakaw ito, maaari kang humiling ng isang BIC mula sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa iyong county. Kung ninakaw ang iyong BIC, kailangan mong sabihin sa iyong lokal na pulisya at tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa iyong county. Dapat kang magbigay ng maraming impormasyon tungkol sa pagnanakaw hangga't maaari. Kung bibigyan ka ng bagong card, ang iyong lumang card ay hindi na valid. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong **lokal na tanggapan ng county** [dito](#).

Sa ibaba ay mga halimbawa ng mga valid na Medi-Cal ID.



Disenyong Poppy ng BIC:



Disenyong Pre-Poppy ng BIC:



Card ng Pagkakakilanlan sa Medi-Cal para sa Card para sa Agarang Pangangailangan: Ipinagpapalagay na Pagiging Kwalipikado:



Mga Impormasyon at Mapagkukunan sa Online

Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa Medi-Cal Dental?

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa iyong benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal, mga nasasaklaw na serbisyo, at marami pa sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng miyembro sa Smile.California.org.

Maaari ba akong makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin online?

Oo. Madali kang makakahanap ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin online sa anumang oras. I-click ang button ng Maghanap ng Dentista sa homepage ng SmileCalifornia.org. O, direktang pumunta sa [page na Maghanap ng Dentista](#) at mag-click sa anumang link. Ang mga pagpipilian ay:


- Paghahanap sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo – Ipasok ang iyong impormasyon upang matingnan ang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Mga Klinika na Naglilingkod sa mga Miyembro ng Medi-Cal – Mga Listahan ng mga klinika ng ngipin ayon sa county at lungsod. Piliin ang iyong county o lungsod upang makahanap ng isa na malapit sa iyo.
- Mga Rehistradong Hygienist ng Ngipin sa Alternatibong Kasanayan (Registered Dental Hygienists in Alternative Practice, RDHAP) – Mga listahan ng mga RDHAP ayon sa county at lungsod. Mag-click sa iyong county o lungsod upang makahanap ng RDHAP na malapit sa iyo.
- Maghanap ng InsureKidsNow – Ibang paraan ng paghahanap ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.

Mangyaring tandaan: Hindi ginagarantiyahan ng mga resulta ng paghahanap na tatanggap ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ng mga bagong pasyente ng Medi-Cal sa oras na tatawagan mo sila.

Mayroon bang mga online na mapagkukunan na magagamit sa ibang mga wika?

Oo. Ang buong website ng *Smile, California* ay nasa Ingles sa SmileCalifornia.org at nasa Spanish sa SonrieCalifornia.org. Kung nagsasalita ka ng ibang wika, ang website ay mayroong mahahalagang mapagkukunan sa Medi-Cal na nasa 17 iba pang mga wika. Sundin ang mga hakbang sa ibaba upang makita ang iyong wika:

1. **I-click** ang globe na icon. Makikita mo ito sa bandang itaas na kanang sulok ng [Smile, California website](#).
2. **Piliin** ang wika mula sa drop-down.



3. Siyasatin ang ang webpage!

- » Kumuha ng impormasyon tungkol sa:
 - Medi-Cal Dental Program
 - Tool para sa paghahanap ng isang Dentista
 - Sentro ng Serbisyo sa Telepono
- » Alamin ang mga mapagkukunan na nasa iyong wika, kabilang ang:
 - *Smile, California* na mga materyal para sa outreach at pang-edukasyon
 - Mga karaniwang tanong at mga sagot
 - Handbook ng Miyembro

Anong impormasyon ang nasa website ng *Smile, California*?

Ang website ng *Smile, California* ay madaling gamitin at may mga nakakatulong na impormasyon at mga mapagkukunan, kabilang ang:

- Maghanap ng Dentista
- Mga Saklaw na serbisyo
- Impormasyon ng pagbisita para sa ngipin
- Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan
- Impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng bibig
- Mga Bulletin ng Miyembro
- Handbook ng Miyembro
- Mga Form
- Mga Video
- Mga brochures at flyer
- Mga Booklet na may larawan na tinatawag na “Fotonovelas”
- Masasayang aktibidad na maipi-print para sa mga bata
- Tulong sa pagsasaling-wika
- Mga karaniwang tanong

Paano Kami Kokontakin

Sentro ng Serbisyo sa Telepono

Nakahandang tumulong sa iyo ang mga operator ng Sentro ng Serbisyo sa Telepono (Telephone Service Center, TSC) Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Sarado ang TSC sa mga pista opisyal ng Estado. Kung mayroon kang anumang mga katanungan na hindi nasagot sa Handbook na ito, hinihikayat ka namin na tingnan ang [SmileCalifornia.org](https://www.smilecalifornia.org). Kung mayroon ka pa ring mga katanungan o kailangan mo ng tulong sa pangangasiwa ng iyong pangangalaga, mangyaring tawagan kami nang walang bayad sa:

Sentro ng Serbisyo sa Telepono ng Medi-Cal Dental:

1-800-322-6384: Para sa Tagalog, Pindutin ang 11

Teletext Typewriter (TTY):

1-800-735-2922

Anong impormasyon ang maaari kong makuha mula sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono?

Kapag tatawag ka sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC), ikokonekta ka sa automated call system ng miyembro. Pipili ka mula sa mga opsyon sa menu. Mangyaring hawakan ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo, Numero ng Social Security, at isang masusulatan. Sa panahon ng pagtawag, maaari kang makakuha ng tulong sa:

- Paghahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal (mga referral ng provider).
- Pag-iiskedyul, pagpapalit ng iskedyul, o pagkansela ng appointment sa klinikal na screening.
- Impormasyon tungkol sa Card ng Pagkakakilanlan o binagong mga serbisyo (Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot).
- Mga reklamo at apela.
- Paano maghain ng Pagdinig ng Estado.
- Mga Pangkalahatang tanong tungkol sa Medi-Cal Dental:
 - » Mga serbisyo sa ngipin na saklaw ng Medi-Cal,
 - » Paghiling ng iyong mga talaan sa ngipin, at
 - » Pag-uulat ng pandaraya sa Medi-Cal.
- Pagkakaroon ng mga serbisyo sa pagsasalin-wika.

Maaari ka ring makipag-usap sa mga kinatawan ng TSC. Tutulungan ka nila sa anumang impormasyon na hindi mo nakuha sa pamamagitan ng automated call system. Matutulungan ka ng TSC sa pangangasiwa ng pangangalaga kung mayroon kang higit sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin o mga espesyal na pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan.

Tulong sa Wika

Paano kung nagsasalita ako sa wikang bukod sa Ingles?

Bilang isang miyembro ng Medi-Cal, mayroon kang karapatan sa isang interpreter nang walang bayad. Kapag tumawag ka sa Telephone Service Center (TSC), sa 1-800-322-6384, mayroong 10 opsyon na wika. Kapag tumawag ka, makinig sa mga prompt upang makapili ng isang wika na ipinapakita sa ibaba:

- Ingles, pindutin ang 1
- Espanyol, pindutin ang 2
- Mandarin, pindutin ang 3
- Vietnamese, pindutin ang 4
- Ruso, pindutin ang 5
- Farsi, pindutin ang 6
- Koreano, pindutin ang 7
- Cantonese, pindutin ang 8
- Arabe, pindutin ang 9
- Armenian, pindutin ang 10
- Para sa isang wika na hindi nakalista, pindutin ang 11

Matutulungan ka rin ng mga kinatawan ng TSC para maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na nakapagsasalita ng iyong wika o na may tauhan sa opisina na nakapagsasalita ng iyong wika.

Mayroon bang makakapagsalin-wika para sa akin kapag nakikipag-usap ako sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal sa telepono?

Oo. Kung kailangan mo ng interpreter o tulong sa mga serbisyo sa wika, tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono at makinig sa mga prompt upang pumili ng iyong wika. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Matutulungan ka nila sa isang interpreter.

Mayroon bang makakapagsalin-wika para sa akin sa opisina ng dentista ng Medi-Cal?

Oo. Kung ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay hindi nakapagsasalita ng iyong wika, may karapatan ka para sa isang interpreter ng wika o sign language interpreter nang walang bayad. Kung kailangan mo ng isang tao na magsasalin-wika para sa iyo habang nasa opisina ng dentista, ikaw o ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay maaaring tumawag sa Telephone Service Center (TSC). Ikokonekta ka ng TSC sa isang interpreter na nagsasalita ng iyong wika. Mananatili sa telepono ang interpreter sa panahon ng iyong appointment hangga't kailangan mo. Hindi dadalo ang mga interpreter sa mga appointment ngunit tutulungan ka nila sa pamamagitan ng telepono. Ipapaliwanag ng interpreter kung ano ang sinabi sa iyo sa iyong pagbisita, pagtalakay sa iyong plano ng pangangalaga, o pakikipag-usap sa tauhan ng dentista.

Ang mga interpreter ay hindi maaaring maiiskedyul nang maaga. Bago ka bumisita, mangyaring ipaalam sa tauhan ng tanggapan ng dentista na kakailanganin mo ang isang interpreter sa iyong appointment, o magsasama ka ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan upang matulungan ka na makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo para sa ngipin. Makakatulong ito sa kanila na makapaghanda para sa iyong pagbisita.

Awtorisadong Kinatawan

Ano ang Awtorisadong Kinatawan?

Ang Awtorisadong Kinatawan ay isang tao na maaari mong piliin at bigyan ng access sa iyong impormasyon sa ngipin. Ang Awtorisadong Kinatawan ay maaaring mga miyembro ng pamilya, kaibigan, samahan, o sinumang pipiliin mo. Halimbawa, baka gusto mong tulungan ka ng iyong asawa o anak na nasa hustong gulang sa mga katanungan tungkol sa billing, pag-book ng mga appointment, o upang magkaroon ng kamalayan sa iyong kalagayan ng kalusugan.

Simula sa Hulyo 1, 2020, kung gusto mong payagan ang ibang tao bukod sa iyong sarili na tumawag sa Medi-Cal at magkaroon ng access sa iyong impormasyon sa ngipin, kailangan mo silang piliin bilang iyong Awtorisadong Kinatawan.

- Hindi mo kailangang magkaroon ng Awtorisadong Kinatawan.
- Kung pipiliin mo ang isang tao bilang iyong Awtorisadong Kinatawan, hindi kailangang nasa telepono ka kapag tumawag sila para sa iyo.
- Kung gusto mo na ibang tao bukod sa iyo ang makipag-ugnayan sa amin tungkol sa iyong impormasyon sa ngipin, ang taong iyon ay dapat na mapangalanan bilang isang Awtorisadong Kinatawan.
- Maaari mong payagan ang isang Awtorisadong Kinatawan na mag-access sa ilan o sa lahat ng iyong impormasyon sa ngipin. Maaari mong piliin, alisin, o baguhin ang isang Awtorisadong Kinatawan sa anumang oras.
- Maaari kang magkaroon ng isa o higit pang Mga Awtorisadong Kinatawan. Ang mga Awtorisadong Kinatawan ay maaaring mga kamag-anak, kaibigan, o samahan na tumutulong sa iyong pangangalaga.
- Hindi nito binabago kung paano kami makikipag-usap sa iyo o sa iyong tagapagbigay ng serbisyo.

Paano ako magtatalaga ng Awtorisadong Kinatawan?

Gamitin ang [Form ng Awtorisadong Kinatawan](#) upang magtatalaga ng isang Awtorisadong Kinatawan. Dapat mong ganap na punan at lagdaan ang form, at ipadala ito sa:

Medi-Cal Dental Program
Attn: Information Security/Privacy Office
P.O. Box 15539 Sacramento, CA 95852-1539

O maaari mo ring piliin na ipasa ang form sa pamamagitan ng email sa: memberformreturn@delta.org o tumawag sa sentro ng Serbisyo sa Telepono sa 800-322-6384.

Paano kung gusto kong may tumulong sa akin sa isang tawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono ngunit ayaw ko silang maging Awtorisadong Kinatawan ko?

Kung gusto mong may tumulong sa iyo, ngunit hindi mo gustong idagdag sila bilang Awtorisadong Kinatawan mo, maaari mo pa ring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC) nang kasama sila sa telepono upang matulungan ka sa iyong mga katanungan. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Kakailanganin mong ibigay sa TSC ang pasalitang pahintulot upang payagan ang taong iyon na tulungan ka sa panahon ng tawag.

Paggamit ng mga Serbisyo sa Ngipin sa Ilalim ng Medi-Cal

Paano ko malalaman kung makakakuha ako ng mga serbisyo sa ngipin?

Karamihan sa mga tao na nagiging karapat-dapat para sa Medi-Cal ay karapat-dapat din na makakuha ng mga serbisyo sa ngipin. Hindi mo kailangang mag-apply nang hiwalay para makakuha ng mga serbisyo sa ngipin. Kakailanganin mong ibigay ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo ng Medi-Cal sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para makatanggap ng mga serbisyo sa ngipin. Upang malaman kung karapat-dapat ka para sa mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal, mangyaring tawagan ang lokal na tanggapan ng mga Serbisyonang Panlipunan ng iyong County. Maaari kang makahanap ng kumpletong listahan ng mga tanggapan ng county sa website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#).

Mga Benepisyo sa Ngipin ng Medi-Cal

Nagbibigay ang seksyong ito ng pangkalahatang ideya ng pangangalaga ng ngipin na saklaw ng Medi-Cal.

Ano ang mga makukuhang benepisyo sa ngipin sa ilalim ng programang Medi-Cal?

Nasa ibaba ang isang mabilis na gabay na sanggunian para sa pinakakaraniwang mga serbisyonang magagamit ng mga miyembro. Ang mga benepisyo ay batay sa mga aid code at kung saan nakatira ang isang miyembro. Makikita ang karagdagang impormasyon sa SmileCalifornia.org.

MGA SERBISYO	MGA SANGGOL	MGA BATA	MGA TINEDYER	PAGBUBUNTIS	MGA NASA HUSTONG GULANG	MGA MATATANDA
Pagsusuri*	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Mga X-ray	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️

Paglilinis ng ngipin	☀	☀	☀	☀	☀	☀
Fluoride varnish	☀	☀	☀	☀	☀	☀
Mga pasta	☀	☀	☀	☀	☀	☀
Pagbunot ng ngipin	☀	☀	☀	☀	☀	☀
Mga serbisyong pang-emergency	☀	☀	☀	☀	☀	☀
Pampakalma	☀	☀	☀		☀	☀
Mga molar sealant**		☀	☀			
Mga root canal		☀	☀	☀	☀	☀
Orthodontics (mga brace)***			☀			
Mga Crown****			☀	☀	☀	☀
Hindi kumpleto at buong mga pustiso			☀	☀	☀	☀
Mga pag-reline ng pustiso			☀	☀	☀	☀
Scaling at root planing			☀	☀	☀	☀

Mga Eksepsyon:

**Libre o murang mga checkup tuwing anim na buwan para sa mga miyembrong mas mababa ang edad sa 21, tuwing 12 buwan para sa mga miyembrong 21 taong gulang at pataas.*

** *Ang mga sealant ng permanenteng molar ay sinasaklaw para sa mga bata at mga tinedyer na mas mababa ang edad sa 21.*

****Para sa mga kuwalipikado.*

*****Ang mga crown sa mga molar o premolar (backteeth) ay maaaring saklaw sa ilang mga kaso.*

Pakitandaan: Sa ilang kaso, ang mga may edad na 0 hanggang 6 na taon ay maaaring makakuha ng paglilinis ng ngipin, mga paggamot gamit ang fluoride at mga pagsusuri (CRA bundle) hanggang sa 4 na beses bawat taon.

Tingnan ang seksyon ng **Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin Dental at Iba pang mga Kahulugan** para sa mga kahulugan.

Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kung aling mga serbisyo ang saklaw o hindi saklaw ng Medi-Cal. Matutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na pumili ng pinakamahasag na paggamot at kung anong mga serbisyo ang maaari mong makuha sa ilalim ng Medi-Cal. Sa iyong unang pagbisita, ipakita ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin upang ma-access nila ang iyong mga benepisyo sa ngipin.

May mga limitasyon ba kung magkano ang babayaran ng Medi-Cal para sa mga saklaw na serbisyo sa ngipin sa isang taon?

Saklaw ng Medi Cal ang hanggang \$1,800 isang taon para sa mga nasasaklaw na serbisyo sa ngipin. Gayunpaman, walang limitasyon para saklaw, sa mga kakailanganing medikal na serbisyong para sa ngipin, o para sa mga miyembro na buntis o wala pang 21 taong gulang.

May mga karagdagang benepisyo ba para sa mga pasyente na may mga espesyal na pangangailangan?

Ang mga saklaw na serbisyo sa ngipin ay pareho para sa lahat nang may ilang eksepsyon. Gayunpaman, ang mga pasyenteng may mga espesyal na pangangailangan ay maaaring may kondisyon ng katawan, pag-uugali, paglaki, o emosyon na naglilimita sa kakayahan ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na isagawa ang isang eksaminasyon. Sa mga kasong ito, maaaring magpasya ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na ang pasyente ay dapat na makatulog upang makakuha ng paggamot sa ngipin. Hihilingin ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ang pag-apruba mula sa Medi-Cal bago ang pagsusuri.

Anong mga benepisyo ang available para sa mga bata?

Kung ikaw o ang iyong anak ay wala pang 21 taong gulang, maaaring karapat-dapat ka para sa mga karagdagang serbisyo sa ngipin sa ilalim ng programang Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, ang Treatment, EPSDT). Ang mga serbisyo sa ngipin sa ilalim ng EPSDT ay kinabibilangan ng medikal na kinakailangang paggamot upang itama o pabutihin ang mga kondisyon ng kalusugan.

Anong mga benepisyo ang makukuha ng mga indibidwal na buntis?

Upang mapanatiling malusog ka at ang iyong sanggol, inirerekomenda na puntahan mo ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa paglilinis at pagsusuri bago ipanganak ang iyong sanggol. Bilang miyembro ng Medi-Cal, saklaw ka sa panahon ng pagbubuntis at 12 buwan pagkatapos isilang ang iyong sanggol (pagkatapos ng pagbubuntis).

Masasaklaw ka para sa mga serbisyo sa ngipin kahit anong uri ng Medi-Cal na coverage ang mayroon ka. Upang makatanggap ng isang saklaw na serbisyo sa ngipin, dapat mong matugunan ang lahat ng kinakailangan sa Medi-Cal Dental para sa serbisyong iyon.

Mga Tagapagbigay ng Serbisyo ng Medi-Cal Dental

Maaari kang makakuha ng pangangalaga ng ngipin mula sa anumang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Tawagan ang tanggapan ng dentista at itanong kung tumatanggap pa rin sila ng Medi-Cal at kung tumatanggap sila ng mga bagong pasyente. Mangyaring basahin ang seksyon na ito upang malaman kung paano maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na naglilingkod sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Paano ako makakahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal?

Sa Medi-Cal Dental, maaari mong piliin ang kahit sinong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Ang pinakamagandang paraan upang makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay sa pamamagitan ng pagbisita sa *Smile, California* [page na Maghanap ng Dentista](#).

Paano kung hindi ako makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na tumatanggap ng Medi-Cal sa aking lugar?

Kung hindi ka makahanap ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal sa iyong lugar na tumatanggap ng mga bagong pasyente, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono at piliin ang iyong wika.

Sentro ng Serbisyo sa Telepono ng Medi-Cal Dental:
1-800-322-6384: Para sa Tagalog, Pindutin ang 11

Teletext Typewriter (TTY):
1-800-735-2922

Paano kung kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista sa ngipin?

Maaaring i-refer ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal sa iba pang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa may espesyalidad sa paggamot. Upang matiyak na ang espesyalista ay nakatala na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal, maaari mong tingnan ang mga ito sa *Smile, California* [page na Maghanap ng Dentista](#). Kung kailangan mo ng tulong sa pagtatakda ng iyong pagbisita, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono.

Pwede ba akong pumunta sa isang medikal na klinika para sa aking mga serbisyo sa ngipin?

Oo. Maraming medikal na klinika ang titingin sa mga miyembro ng Medi-Cal at magbibigay ng mga serbisyo sa ngipin. Maaari mong makuha ang iyong mga serbisyo sa ngipin sa isang medikal na klinika hangga't naaprubahan ang klinika na tumanggap ng Medi-Cal at nagbibigay ng mga serbisyo sa ngipin. Bisitahin ang seksyon ng **Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin at Iba pang mga Kahulugan** para sa karagdagang impormasyon.

Paano kung pupunta ako sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na hindi nakatala bilang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal?

Babayaran lamang ng Medi-Cal Dental ang mga serbisyong kukunin mo mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na nakatala sa Medi-Cal Dental Program. Kung pupunta ka sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na hindi nakatala sa Medi-Cal Dental Program, kailangan mong bayaran ang anumang mga serbisyo sa ngipin na kukunin mo.

Maaari ba akong magpalit ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Oo. Maaari mong bisitahin ang sinumang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na nakatala sa Medi-Cal Dental Program at tumatanggap ng mga bagong pasyente. Kung nakatala ka sa isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Ngipin, maaari mong tawagan ang plano at humiling na maitalaga sa ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.

Ilang beses ako pwedeng magpalit ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Walang limitasyon sa pagpapalit ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin. Gayunpaman, may mga limitasyon sa pagkuha ng parehong paggamot mula sa iba't ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin (halimbawa, paglilinis). Iminumungkahi naming pumili ka ng dental home na may tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal.

Paano nakakatulong sa akin ang pagpapatingin sa parehong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Ang pagpapatingin sa parehong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa iyong mga regular na check-up at pangangalaga ay mapapakinabangan mo sa maraming paraan:

- Makakakuha ka ng mga regular na paalala para sa iyong susunod na pagbisita.
- Matutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na maghanap ng espesyalista sa ngipin kung kailangan mo ng paggamot na hindi maibibigay ng iyong regular na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Malalaman ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ang iyong kasaysayan sa kalusugan at makakatulong na makita ang mga problema nang maaga. Pinapayagan ka nitong makakuha ng paggamot bago lumala ang isang problema.

Maaari ba akong magpalit ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin sa kalagitnaan ng paggamot?

Oo. Kung naaprubahan ang iyong mga serbisyo sa ngipin para sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at gusto mong palitan ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin, dapat kang magsulat ng liham upang hilingin ang pagpapalit. Ibigay ang liham sa iyong bagong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin upang ipadala sa Medi-Cal Dental kasama ang kanilang kahilingan para sa paunang pag-apruba. Maglalabas kami ng bagong pag-apruba sa iyong bagong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa nalalabing mga serbisyo.

Pagkuha ng Pangangalaga ng Ngipin

Paano ako mag-iiskedyul ng appointment sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Tawagan ang tanggapan ng dentista para mag-iskedyul ng appointment. Sabihin mo sa kanila na nasasaklaw ka ng Medi-Cal at itanong mo kung ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong sa paggawa ng appointment, tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC).

Ano ang kailangan kong dalhin kapag pupunta ako sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo (BIC) at ID na may larawan tulad ng lisensiya sa pagmamaneho o State ID card. Kung ang iyong photo ID ay nag-expire na, tatanggapin ito ng tanggapan ng ngipin hanggang sa anim na buwan mula sa petsa ng pag-expire. Kung ikaw ay isang foster parent at hindi nakatanggap ng BIC para sa iyong foster child, maaaring magamit ang isang Numero ng Social Security upang mapatunayan ang pagiging karapat-dapat. Kung mayroon kang iba pang coverage para sa ngipin, dalhin ang impormasyong iyon upang maipakita sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.

Gaano kadalas ako dapat pumunta sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Ang mga taunang checkup ay mahalaga para sa malusog na ngipin at mga gilagid at para sa pangkalahatang kalusugan. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kung gaano kadalas ka dapat kumuha ng mga regular na checkup. Ang mga bata ay kailangang magpatingin nang dalawang beses isang taon. Bilang bahagi ng iyong regular na checkup, ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay gagawa ng isang plano para sa anumang paggamot o pag-follow up na mga pagbisita na maaaring kailanganin mo.

Kung mayroon kang mga di inaasahang problema o isyu sa ngipin sa pagitan ng iyong mga regular na naka-iskedyul na pagbisita, tawagan ang opisina ng iyong dentista para humingi ng tulong. Tawagan kaagad ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kung mayroon kang pinsala sa bibig o pananakit.

Kailan dapat pumunta ang aking sanggol sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Dapat bumisita ang iyong sanggol sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kapag lumitaw ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna. Pagkatapos ng kanyang unang pagbisita, dapat magpatingin ng ngipin ang iyong sanggol tuwing anim na buwan, at kung minsan ay mas madalas pa. Kasama rito ang pagsusuri at paglilinis. Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon sa website ng *Smile, California* [dito](#).

Sinusuportahan ng Medi-Cal ang inirerekumendang iskedyul ng American Academy of Pediatrics para sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit ng ngipin ng mga bata. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa karamihan ng mga bata. Ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan o sakit o trauma ay maaaring mangailangan ng ibang hanay ng mga serbisyo at/o dalas. Tutukuyin ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng iyong anak ang pinakamagandang iskedyul para sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa iyong anak.

Ano ang emergency sa ngipin?

Ang isang emergency sa ngipin ay nangangailangan ng agarang paggamot. Ang isang emergency sa ngipin ay maaaring:

- Pagdurugo na hindi tumitigil.
- Masakit na pamamaga sa loob o sa paligid ng iyong bibig.
- Matinding pananakit.
- Trauma sa mukha, tulad ng pinsala sa panga at mukha.
- Impeksyon sa gilagid na masakit o namamaga.
- Nabali o natanggal na ngipin.
- Ang pagtanggal o pag-aayos ng mga wire sa mga brace na masakit sa iyong pisngi o mga gilagid.

Ano ang mangyayari kung mayroon akong emergency?

Sa mga regular na oras ng trabaho, tawagan ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at ipaliwanag ang iyong problema. Kung hindi mo matawagan ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin, tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono sa pagitan ng 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes, para sa tulong sa pagkuha ng pangangalaga ng ngipin. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Kung kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency para sa ngipin pagkatapos ng oras ng negosyo, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng sumasagot na mensahe pagkatapos ng oras ng trabaho ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin. Pumunta sa pinakamalapit na emergency room para makatanggap ng pangangalaga kung hindi mo matawagan ang tanggapan ng iyong dentista o kung wala kang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal.

Ano ang ibig sabihin ng “pangangailangang medikal”?

Ang pangangailangang medikal ay tumutukoy sa mga patakaran ng programa na ginagamit upang magpasya kung ang mga sinasaklaw na serbisyo ay kinakailangan at naaangkop para sa paggamot ng ngipin, gilagid, at mga sumusuportang structure. Ang mga patakarang ito ay umaayon sa mga kinikilala ng propesyonal na pamantayan ng kasanayan. Bisitahin ang seksyon ng **Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin at Iba pang mga Kahulugan** para sa karagdagang impormasyon.

Paano kung gusto kong kumuha ng pangalawang opinyon?

Kung gusto mo ang isang paggamot sa ngipin na sinasabi sa iyo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na hindi kwalipikado bilang medikal na kinakailangan, maaari kang humiling ng pangalawang opinyon. Makakakuha ka ng pangalawang opinyon mula sa ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal maliban sa iyong regular na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin. Ang iba pang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay magsusuri

sa iyo upang kumpirmahin o baguhin ang hinihiling mong paggagamit kung medikal na kinakailangan. Maaari mong bisitahin ang *Smile, California* [pahina ng Maghanap ng Dentista](#) upang makahanap ng ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na malapit sa iyo. Maaari ka ring tumawag sa TSC at humingi ng tulong upang makahanap ng ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.

Bakit hinihiling ng Medi-Cal Dental na magpasuri ako ng ngipin sa ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Maaari kang makatanggap ng isang liham na Abiso ng Pagtatalaga ng Pagsusuri ng Ngipin mula sa Medi-Cal Dental. Sinasabi sa iyo ng sulat na ito na pumunta ka sa isang appointment na pagsusuri sa ngipin sa isang tagapagbigay ng serbisyo ng klinikal na screening ng ngipin. Ang appointment ay ginawa sa ngalan mo upang mapatunayan kung ang paggamot na hiniling ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay maaaring pahintulutan o upang kumpirmahin kung ang paggamot na dati mong natanggap ay sapat. Mahalaga na magpakita ka sa appointment na ito.

Ang appointment ay tatagal nang halos 15-30 minuto. Walang gagawin sa ngipin ang ibibigay ng tagapagbigay ng serbisyo ng klinikal na screening ng ngipin. Hindi mo kailangang magbayad para sa appointment. Kapag natapos na ang appointment, magpapadala ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng isang ulat sa Medi-Cal Dental. Gagamitin ang ulat na ito sa pagpapasya kung dapat aprubahan o tanggihan ang mga hiniling na serbisyo.

Kung hindi ka makakapunta sa appointment, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC) nang hindi bababa sa dalawang araw bago ang appointment. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Kung hindi ka makakapunta sa appointment at hindi mo kami aabisuhan, maaaring tanggihan ang mga hiniling na serbisyo.

Narito ang ilang mahalagang tip na dapat tandaan:

- Pumunta sa takdang oras para sa iyong appointment. Kung atrasado ka ng dating, maaaring kailangang palitan ang iskedyul ng iyong appointment.
- Kung ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay humiling ng mga bagong pustiso, dalhin ang dating pustiso sa appointment.
- Tawagan lang ang numero ng telepono ng tanggapan ng dentista na nasa sulat para sa mga direksyon. Tawagan ang TSC kung may iba pang mga tanong.
- Kung tatawag ka sa TSC, banggitin ang “Screening #” na makikita sa kanang ibaba na sulok ng sulat.
- Ang ulat ukol sa klinikal na screening ay sa Medi-Cal Dental lamang ipapadala. Hindi ka tatanggap ng kopya.
- Ang tagapagbigay ng serbisyo ng klinikal na screening para sa ngipin ay hindi pinapayagang magsabi sa iyo kung aprubado ba o tinaggihan ang paggamot sa iyo, o kung ano ang irerekomenda para sa iyo.

Paano kung kailangan kong kanselahin ang isang appointment para sa ngipin?

Kung hindi ka makakapunta sa isang appointment, tumawag sa opisina ng dentista sa lalong madaling panahon o nang hindi bababa sa isang araw bago ang appointment upang kanselahin ito o upang magpa-iskedyul ulit. Matutulungan ka ng tauhan ng opisina ng dentista na iiskedyul sa ibang araw ang iyong appointment.

Paano kung kailangan ko ng mga serbisyo sa ngipin kapag nasa labas ako ng California o ng bansa?

May mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal sa ilang estado na malapit sa border ng California. Makakakuha ka ng mga saklaw na serbisyo sa ngipin mula sa sinumang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal sa mga lugar na ito na malapit sa border.

Kailangan ng paunang pag-apruba para sa lahat ng serbisyo sa labas ng estado bukod sa mga pang-emergency. Maaari kang tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono para sa tulong. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Ang mga serbisyo sa ngipin na isinasagawa sa labas ng bansa ay hindi saklaw ng Medi-Cal, maliban para sa mga serbisyong pang-emergency kung saan kailangan mong maospital sa Canada o Mexico.

Halaga ng mga Serbisyo sa Ngipin

Kailangan ko bang magbayad para sa aking pangangalaga ng ngipin?

Maliban kung may Medi-Cal coverage ka na may Bahagi sa Gastos (Share of Cost), hindi ka maaaring singilin ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa anumang paggamot na saklaw ng Medi-Cal Dental. Maaari mong malaman ang tungkol sa iyong Bahagi sa Gastos sa booklet na [My Medi-Cal booklet](#) (Pub. 68). Ito ang booklet na natanggap mo kasama ng iyong bagong packet sa pagpapatala sa Medi-Cal.

May karapatan kang magtanong para lamang sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Ang tagapagbigay ng serbisyo mo sa ngipin ay kailangang magbigay sa iyo ng isang nakasulat o elektronikong plano para sa paggagamot. Ang plano ay magpapakita sa iyo kung ang Medi-Cal ay may saklaw na serbisyong iba, medikal na kailangan. Ang tagapagbigay ng serbisyo mo sa ngipin ay hindi makakapagsabi sa iyo na kumuha ng anumang serbisyo na hindi saklaw ng Medi-Cal.

Ang tagapagbigay ng serbisyo mo sa ngipin ay hindi makakapaningil sa iyo ng para sa mga halagang sa pagbabahagi sa gastos na para sa pribadong insurance. Kasama rito ang mga deductible, co-insurance, o mga copayment ng pribadong insurance.

Maaaring singilin ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa mga serbisyo kung pipiliin mong magkaroon ng paggamot na hindi saklaw ng Medi-Cal Dental. Maaari ka ring singilin para sa komprehensibong paggamot na orthodontic (mga brace) kung ikaw ay 21 taong gulang o mas matanda.

Ano ang copayment?

Ang ilang serbisyo ng Medi-Cal ay may maliit na copayment. Kokolektahin ng tanggapan ng dentista ang anumang copayment sa iyong appointment. Tingnan ang mga pamantayan ng copayment sa ibaba.

Mga Pamantayan ng Copayment sa Medi-Cal		
Mga Serbisyonang Napapasailalim sa Copayment	Bayad na Copay	Mga Eksepsyon sa Bayad
Mga Hindi Pang-emergency na Serbisyonang Ibinibigay sa Isang Emergency Room: Ang isang hindi pang-emergency na serbisyo ay binibigyang-kahulugan bilang “anumang serbisyo na hindi kinakailangan para maginhawaan ang matinding pananakit o ang agarang diyagnosis at paggamot ng mga malubhang kondisyong medikal na kung hindi agad madadayagnos at magagamot, ay maaaring humantong sa kapansanan o pagkamatay.”	\$5.00	<ol style="list-style-type: none"> 1. Mga taong edad 18 o mas bata. 2. Sinumang taong tumatanggap ng pangangalaga habang nagbubuntis at isang buwan kasunod ng panganganak. 3. Mga taong nasa isang pasilidad pangkalusugan (ospital, pasilidad ng skilled nursing, pasilidad ng intermediate care). 4. Sinumang batang nasa AFDC-foster care. 5. Anumang serbisyo na ang bayad ng programa ay \$10 o mas mababa.
Mga Serbisyonang Pang-outpatient: Doktor, optometric, chiropractic, sikolohiya, terapiya sa pagsasalita, audiology, acupuncture, terapiya sa pamamagitan ng gawain, pambata, sentro ng operasyon, ospital o klinikang pang-outpatient, terapiyang pisikal, at sa ngipin.	\$1.00	<ol style="list-style-type: none"> 1. Mga taong edad 18 o mas bata. 2. Sinumang taong tumatanggap ng pangangalaga habang nagbubuntis at isang buwan kasunod ng panganganak. 3. Mga taong nasa isang pasilidad pangkalusugan (ospital, pasilidad ng skilled nursing, pasilidad ng intermediate care). 4. Sinumang batang nasa AFDC-foster care. 5. Anumang serbisyo na ang bayad ng programa ay \$10 o mas mababa.
Mga Inireresetang Gamot: Bawa't inireresetang gamot o refill.	\$1.00	Lahat ng nakalista sa itaas, at taong edad 65 o mas matanda.

Paano kung hindi ko mabayaran ang copayment kapag pupunta ako sa aking appointment?

Hindi maaaring tumanggi ang isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na gamutin ka kung hindi mo mabayaran ang copayment sa iyong appointment. Iba ito sa halaga ng Bahagi sa Gastos (Share of Cost).

Ano ang gagawin ko kung nagbayad ako para sa isang serbisyong hindi ko naman kailangang bayaran?

Ayon sa batas, hindi pinapayagan ang isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na singilin ang isang miyembro ng Medi-Cal para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Kung nagbayad ka para sa isang saklaw na serbisyo sa ngipin, maaaring matulungan ka naming makakuha ng refund. Kailangang ibalik ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ang iyong gastos para sa isang paghahabol kapag nagpakita ka ng patunay na mayroon kang Medi-Cal coverage para sa isang serbisyo na medikal na kinakailangan na iyong natanggap. Tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono para sa tulong sa iyong sitwasyon. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Ang tagapagbigay ng serbisyo mo sa ngipin ay maaaring maningil sa iyo kung pipili ka ng anumang mga serbisyo na hindi saklaw ng Medi-Cal. Nangangahulugan iyon na napakahalaga para sa iyo na malaman kung anong mga benepisyo ang saklaw ng Medi-Cal. Bago pumirma sa isang kasunduan para magbayad ng mga serbisyo, tanungin ang tagapagbigay ng serbisyo mo sa ngipin kung aling mga serbisyo ang saklaw o hindi saklaw ng Medi-Cal. Mangyaring repasuhin din ang mabilisang gabay na reperensiya ng mga benepisyo na nasa handbook na ito sa ilalim ng: **Ano ang mga makukuhang benepisyo sa ngipin sa ilalim ng programang Medi-Cal?**

Paano kung makatanggap ako ng bill mula sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Kung makatanggap ka ng bill mula sa tanggapan ng iyong dentista, tawagan at tanungin kung bakit nila pinadalhan ng bill. Ipaliliwanag ng tanggapan ng dentista ang mga sinisingil at kung bakit hinihingi nilang bayaran mo ito. Kung mayroon ka pang mga katanungan tungkol sa bill, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono para sa tulong. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Kapag napatunayan ang iyong Medi-Cal coverage, hindi ka maaaring tratuhin ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal bilang pasyenteng nagbabayad ng cash. Hindi ka nila maaaring singilin para sa lahat o bahagi ng mga halaga ng serbisyong saklaw ng Medi-Cal, maliban para kolektahin ang Medi-Cal copayment o Bahagi sa Gastos (Share of Cost). Halimbawa, kung mayroon kang Bahagi sa Gastos (Share of Cost), babayaran mo ang halagang iyon bago magbayad ang Medi-Cal para sa paggamot.

Ano ang mangyayari kung mayroon akong iba pang insurance sa ngipin?

Kung mayroon kang ibang insurance sa ngipin, dapat singilin ng tanggapan ng dentista ang iyong ibang insurance sa ngipin bago hilingin sa Medi-Cal na bayaran ang iyong paggamot. Hindi ka maaaring singilin ng tanggapan ng dentista para sa mga halaga ng pagbabahagi ng gastos sa pribadong insurance. Kasama rito ang mga deductible, co-insurance, o mga copayment.

Hindi nagbabayad ang Medi-Cal ng anumang mga benepisyo na maaari mong makuha sa pamamagitan ng iba pang mga insurance sa ngipin. Kasama rito ang iba pang mga programa ng gobyerno, TRICARE (CHAMPUS), o Bayad Pinsala sa mga Manggagawa. Ang coverage na ipinagkakaloob sa ilalim ng Medi-Cal ay pangalawa sa lahat ng iba pang coverage.

Kung mayroon kang ibang insurance sa ngipin na hindi nagbabayad para sa isang serbisyo sa ngipin na saklaw ng Medi-Cal o nagbabayad ng mas mababa kaysa sa halagang binabayaran ng Medi-Cal Dental, magpapadala ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng isang paghahabol sa Medi-Cal Dental para sa anumang hindi nabayarang halaga. Hindi maaaring hilingin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na magbayad ka para sa anumang paggamot na sinasaklaw ng Medi-Cal Dental. Mangyaring basahin ang impormasyon na nasa handbook na ito sa ilalim ng: ***Paano akong makatanggap ako ng isang bill mula sa provider sa ngipin?*** upang malaman ang iyong gagawin kung mangyayari ang ganito.

Transportasyon at mga Iba pang Serbisyo

Paano kung kailangan ko ng masasakyan papunta sa tanggapan ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Makakatulong ang Medi-Cal sa mga masasakyan. Saklaw ng Medi-Cal ang dalawang uri ng masasakyan. Ang isang uri ay tinatawag na

transportasyong hindi medikal (non-medical transportation, NMT). Kung maaari kang maglakbay sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taxi, ngunit walang masakyan tungo sa iyong appointment, maaaring itakda ang mga serbisyo ng NMT. Maaari mo ring gamitin ang NMT kung kailangan mong kumuha ng mga reseta, medikal na suplay, o kagamitan.

Para sa tulong sa pagsakay sa isang NMT, sundin ang mga hakbang sa ibaba:

- Kung nakatala ka sa isang plano sa kalusugan, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng plano para sa tulong sa mga serbisyo ng NMT.
- Kung nakatala ka sa isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Ngipin (DMC) ng Medi-Cal Dental, tawagan ang iyong [plano ng DMC](#) para sa tulong sa mga serbisyo ng NMT.
- Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng masasakyan mula sa isang plano sa kalusugan o plano sa DMC, tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono sa 1-800-322-6384. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Maaaring matulungan ka ng tanggapan ng Medi-Cal sa iyong county na makakuha ng masasakyan sa NMT.

Kailangan mo ba ng karagdagang impormasyon tungkol sa naaprubahang mga tagapagbigay ng serbisyo ng NMT? Maaari mong ma-access ang listahan sa [website](#) ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan.

Ang iba pang uri ng masasakyan ay tinatawag na hindi pang-emergency na transportasyong medikal (non-emergency medical transportation, NEMT). Nagbibigay ang Medi-Cal ng mga serbisyo ng NEMT sa mga karapat-dapat na miyembro batay sa isang medikal na pangangailangan. Maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng serbisyong medikal o sa ngipin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng NEMT. Saklaw ng mga serbisyo ng NEMT ang mga sasakyan na ito:

- Mga wheelchair van
- Mga ambulansya
- Mga litter van
- Panghimpapawid na transportasyon

Dapat kang humiling ng masasakyan sa lalong madaling panahon bago ang iyong naka-iskedyul na appointment. Kung mayroon ka o magkakaroon ka ng maraming parating na appointment, maaaring humiling ang iyong tagapagbigay ng serbisyong medikal o sa ngipin ng paunang transportasyon upang masaklaw ang mga appointment sa hinaharap.

Para sa tulong sa masasakyan sa NEMT, sundin ang mga hakbang sa ibaba:

- Kung nakatala ka sa isang plano ng DMC, tawagan ang iyong mga Serbisyo sa Miyembro para sa tulong sa mga serbisyo ng NEMT. Kakailanganin mo ang isang reseta mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo.
- Kung nakatala ka sa isang May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal, mangyaring ipaalam sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at tutulungan ka nila na makasakay sa pamamagitan ng NEMT o tumawag sa Medi-Cal San Diego Field Office sa 1-858-495-3666.

Paano kung may diperensiya ang aking pandinig o pagsasalita?

Kung mayroon kang mga limitasyon sa pandinig o pagsasalita, tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa pamamagitan ng aming linyang TTY sa 1 800 735 2922. Sa lahat ng iba pang oras, mangyaring tawagan ang California Relay Service TDD/TTY sa 711 para humingi ng tulong. Ang mga serbisyo sa pagsasalin-wika ng American Sign Language (ASL) ay ipinagkakaloob ng batas. Kapag humihiling ng tulong na ASL, mangyaring ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- Petsa ng appointment
- Oras ng pagsisimula at pagtatapos ng appointment
- Uri ng appointment (halimbawa: appointment sa dentista, appointment para sa operasyon, konsultasyon, atbp.)
- Pangalan ng taong nangangailangan ng mga serbisyo ng ASL at ang pagkakakilanlan nila bilang miyembro
- Address ng lokasyon ng tanggapan at numero ng telepono
- Pangalan ng taong tatawagan sa opisina

Paano kung mahina ang aking paningin?

Ang Handbook na ito at iba pang mahahalagang materyal ay makukuha sa iba't ibang mga format para sa malabo ang paningin. Mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono para sa ibang format, o para sa tulong sa pagbabasa sa Handbook na ito o iba pang mga materyales ng Medi-Cal Dental. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Paano kung mayroon akong medikal na kondisyon o iba pang problema na dahilan para mahirapan akong kumuha ng pangangalaga ng ngipin?

Mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC). Para sa Tagalog, Pindutin ang 11. Matutulungan ka ng mga kinatawan ng TSC na makahanap ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na maaaring makagamot sa iyo. Makakatulong din sila sa pangangasiwa sa iyong pangangalaga sa iyong medical provider, kung kinakailangan.

Paano kung mayroon akong limitasyon sa katawan na dahilan para mahirapan akong pumunta sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin?

Ginagawa namin ang lahat upang siguraduhin na ang mga tanggapan at pasilidad ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay pisikal na madaling mapuntahan ng mga may kapansanan. Kung wala kang mahanap na tanggapan ng dentista na madaling mapuntahan, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono para sa tulong. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Pamamahala ng Kaso

Ano ang programang Pamamahala ng Kaso?

Ang Pamamahala ng Kaso ay isang programa para sa mga miyembro na may mga kapansanan sa isip, pisikal, at/o kaugnay ng pag-uugali o diyagnosis na walang kakayahang pangasiwaan ang kumplikadong paggamot ng isa o mas marami pang mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang team sa pamamahala ng kaso ay tutulong sa mga naturang miyembro na makapag-iskedyul at pangasiwaan ang mga kumplikadong plano sa paggamot kasama ang isa o marami pang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Paano ako makakakuha ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Kaso?

Upang makatanggap ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Kaso, ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal, tagapagbigay ng serbisyong medikal, tagapamahala ng kaso, manggagawa ng kaso, o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay dapat na magsumite ng isang referral para sa iyo. Kapag natanggap na ang iyong kaso, tutulungan ka ng team ng Medi-Cal sa Pamamahala ng Kaso na pangasiwaan ang iyong pangangalaga. Mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kailangan mo ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Kaso.

Ang mga serbisyo ba sa Pamamahala ng Kaso ay iba kaysa sa mga serbisyo sa pangangasiwa ng pangangalaga?

Oo. Ang mga serbisyo sa pangangasiwa ng pangangalaga ay iniaalok ng Sentro ng Serbisyo sa Telepono (TSC). Sinuman na miyembro ng Medi-Cal na tumatawag sa TSC ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo sa pangangasiwa anuman ang katayuan ng kanilang kalusugan. Pinapayagan ng mga serbisyo sa pangangasiwa ng pangangalaga ang mga miyembro ng Medi-Cal na tumawag at magkaroon ng access sa mga serbisyo sa ngipin gamit ang direksyon at suporta ng aming mga kinatawan sa TSC. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ka matutulungan ng TSC, mangyaring basahin ang seksyong **Paano Kami Makokontak** sa handbook na ito.

Proseso ng Reklamo

May mga pamamaraan kami para lutasin ang mga reklamo tungkol sa:

- Mga serbisyo sa ngipin
- Kalidad ng pangangalaga
- Pagbabago o pagtangga sa isang Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot
- Iba pang mga uri ng serbisyo na ibinibigay sa ilalim ng Medi-Cal Dental

Mga halimbawa ng mga reklamo:

- Hindi ka makakuha ng serbisyo, paggamot, o gamot na kailangan mo
- Hindi inaprubahan ang isang serbisyo bilang hindi medikal na kinakailangan
- Matagal maghintay para sa appointment
- Tumanggap ka ng hindi mabuting pangangalaga o hindi naging magalang ang pagtrato sa iyo
- Siningil ka ng pera sa tanggapan ng dentista para sa isang saklaw na serbisyo sa ngipin
- Pinadadalhan ka ng tanggapan ng iyong dentista ng bill na sa palagay mo ay hindi mo dapat bayaran

Ano ang pwede kong gawin kung tinanggihan o limitahan ng Medi-Cal Dental ang isang serbisyong hiniling ng aking tagapagbigay ng serbisyo?

Kung tinanggihan ka o nilimitahan ang isang serbisyo para sa iyo kung saan nakahingi na ng pag-apruba ang iyong provider sa ngipin, kontakin ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at itanong kung ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay maaaring humiling ng isang muling pagsusuri o kung makakapagsumite sila ng isang bagong Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggagamot.

Kung binago o tinanggihan ang paggamot, ibinibigay namin sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ang (mga) dahilan kung bakit. Maaaring humiling ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin upang matingnan muli ang paggamot sa pamamagitan ng pagbabalik sa amin ng NOA. Maaari ring iapela ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ang binago o tinanggihang paggamot sa pamamagitan ng isang hiwalay na proseso ng pag-apela.

Paano ko malalaman kung tinanggihan o binago ng Medi-Cal Dental ang isang serbisyo?

Kung ang iyong kahilingan para sa paggamot ng ngipin ay tinanggihan o binago, makakatanggap ka ng isang [Abiso sa Pagkilos ng Medi-Cal Dental](#). Sasabihin sa iyo ng abiso kung bakit ipinagpaliban, binago, o tinanggihan ang serbisyo sa ngipin. Sinasabi rin nito sa iyo kung ano ang maaari mong gawin kung hindi ka sumasang-ayon.

- **Ipinagpaliban** – ibinalik sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para sa pagwawasto. Ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay may 45 araw upang ibalik ang (mga) pagwawasto. Kung hindi tumugon ang tagapagbigay ng serbisyo, magpapadala kami sa iyo ng isa pang Abiso sa Pagkilos ng Medi-Cal Dental upang maipaalam sa iyo.
- **Binago** – inaprubahan ang serbisyo ngunit iba sa hiniling ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- **Tinanggihan** – ang serbisyo ay hindi inaprubahan.

May makikita kang sampol ng form ng Abiso sa Pagkilos ng Medi-Cal Dental at Mga Code ng Dahilan para sa Aksyon na nakalakip sa susunod na pahina. Makikita mo rin ang form sa pahina ng pahina ng *Smile, California* [Members](#) sa 18 iba pang wika.

Ang insert na Mga Code ng Dahilan para sa Aksyon ay ipinapadala sa bawat abiso na tatanggapin mo. Magbibigay ito ng mga paglalarawan para sa bawat code na nakalista sa iyong abiso. Matutulungan ka ng mga paglalarawan na ito na maunawaan ang aksyon na ginawa ng Medi-Cal Dental. Dapat kang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa abiso, o maaari kang tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono. Para sa Tagalog, Pindutin ang 11.

Mangyaring suriin ang seksyong **Proseso ng Pagdinig ng Estado** ng Handbook na ito para sa impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa tinanggihan o binagong serbisyo.

**PAUNAWA NG AKSYON NG MEDI-CAL
DENTAL ITO AY HINDI ISANG
KUWENTA**

--	--

PANGALAN NG OPISINA
NG SERBISYO:

MEDS ID:
DCN:
MRDCN:

PAHINA NG
PETA NG
KAHILINGAN:
PANGALAN NG
MIYEMBRO:

Naproseso na ng Medi-Cal Dental ang kahilingan ng iyong dentista para sa iyong paggamot alinsunod sa Titulo 22, California Code of Regulations, mga Seksyon 51003, 51307, at ng Manual of Criteria. Hindi bababa sa isa sa mga bagay ay hindi maaaring aprubahan o nangangailangan ng pagbabago. Mangyaring sumangguni sa nakalakip na listahan para sa isang paliwanag ng DAHILAN PARA SA (MGA) CODE NG AKSYON na nakalista. Bilang karagdagan, ang mga tiyak na minimum na kinakailangan ay maaaring matagpuan sa Medi-Cal Dental Handbook ng Tagapagbigay, sa ilalim ng Seksyon 5 na pinamagatang "MANUAL OF CRITERIA" sa ilalim ng tiyak na Numero ng Pamamaraan na nakalista sa ibaba. Ang isang kopya ay maaaring matagpuan sa anumang opisina ng Medi-Cal na dentista.

Ngipin # o Arko	Paglalarawan ng Paggamot	Numero ng Pamamaraan	Aksyon ng Medi-Cal Dental	Dahilan para sa (mga) Code ng Aksyon (tingnan ang nakalakip para sa paliwanag)

- Maaari mong talakayin sa iyong dentista ang iba't ibang mga plano sa paggamot upang makakuha ng pinakamahasay na pinahihintulutang pangangalaga sa ilalim ng programa ng Medi-Cal Dental.
- Kung mayroon kang isang katanungan tungkol sa aksyon na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong dentista o sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 para sa mas detalyadong paliwanag.
- Kung hindi ka nasisiyahan sa aksyon na inilarawan sa paunawang ito, maaari kang humiling ng paglilitis ng estado sa loob ng 90 araw mula sa Petsa ng Paunawa. Mangyaring tingnan ang likod ng paunawang ito para sa impormasyon sa pagsampa ng isang paglilitis.

P.O. Box 15539 • Sacramento, CA 95852-1539 • (800) 322-6384

KUNG HINDI KANASISYAHAN SAAKSYON NA INILARAWAN
SA PAUNAWANG ITO, MAAARI KANG HUMILING NG PAGLILITIS NG
ESTADO SA LOOB NG 90 ARAW MULA SA PETA SA PAUNAWA.

Upang Humiling ng isang Paglilitis:

IPADALA ANG MAGKABILANG PANIG NG PAUNAWANG ITO
SA:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

O

Maaari mong tawagan ang LIBRENG-TAWAG na numero sa Public Inquiry and
Response Unit. 1-800-952-5253 (ANG TULONG AY MAKUKUHA SA MGA WIKA
MALIBAN SA INGLES)

O

Maaari mong tawagan ang LIBRENG-TAWAG na numero ng
TDD: 1-800-952-8349

Mga Regulasyon ng Estado:

Ang isang kopya ng Titulo 22, California Code of Regulations, mga Seksyon 5095 1, 5 1014.1,
at
51014.2, na sumasakop sa mga paglilitis ng estado, ay makukuha sa opisina ng serbisyong
panlipunan ng iyong county o lokal na aklatan.

Awtorisad ong Kinatawan:

Maaari mong kumatawan sa iyong sarili sa paglilitis o maaari kang katawanin ng isang kaibigan,
abogado
o sinumang ibang tao. Inaasahan kang isaayos ang kinatawan para sa iyong sarili. Maaari
mong kunin ang mga numero ng telepono ng mga organisasyong pang-ligal na tulong sa
pamamagitan ng pagtawag sa libreng-tawag na numero ng Public Enquiry and Response
Unit o mula sa iyong lokal na Opisina ng Social Security.

**KAILANGAN KO ANG ISANG TAGAPAGSALIN (nang walang gastos sa akin).
ANG AKING WIKA O DAYALEKTO AY: _____**

DAHILAN PARA SA MGA CODE NG AKSYON

- | | |
|---|---|
| <p>01 Ang iyong pagiging karapat-dapat (code ng tulong) ay sumasaklaw lamang sa mga serbisyong pang-emerhensiya.</p> <p>02 Ang impormasyong ipinadala ng iyong dentista tungkol sa iyong kasalukuyang kalagayan ng ngipin ay hindi nakakatugon sa pinakakaunting mga kinakailangan para sa pag-apruba ng serbisyong ito.</p> <p>03 Ang kahilingan para sa paggamot sa ngipin ay binago. Ang pagbabagong ito ay batay sa impormasyong ipinadala ng iyong dentista tungkol sa iyong kasalukuyang kondisyon sa ngipin o upang sundin ang mga alituntunin ng programa.</p> <p>04 Ipinapakita ng aming mga tala na ang (mga) serbisyong ito o katulad na (mga) serbisyo ay dating inaprubahan, binayaran, o nakumpleto. (Halimbawa: Sa ilang mga kaso, ang mga pamamaraan ay limitado sa isang beses sa 12 buwan o isang beses sa limang (5) taon at hindi maaaring aprubahang muli maliban sa ilalim ng mga espesyal na kondisyon, na dapat na naidokumento ng iyong dentista.)</p> <p>05 Hindi namin mapatunayan ang pagpapatala ng iyong dentista sa programa sa petsa nang matanggap ang kahilingan.</p> <p>06 Ang serbisyong hiniling ng iyong provider ng ngipin ay hindi isang benepisyo ng programa. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider para sa ibang plano ng paggamot.</p> <p>07 Hindi ka dumating para sa isang naka-iskedyul na pagsasala na eksaminasyon o hindi nakapagdala ng kasalukuyang (mga) pustiso (buo o bahagya) sa iyong appointment. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong dentista na magpadala ng bagong kahilingan.</p> | <p>08 Ang iyong dentista ay hindi nagpadala ng sapat na impormasyon upang maproseso namin ang kahilingang ito. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong dentista para sa impormasyon tungkol sa paggamot na ito.</p> <p>09 Ang mga x-ray ay nagpapakita na ang ngipin ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa isang korona. Ang ngipin ay maaaring maayos sa isang pagpasta.</p> <p>10 Ang mga x-ray ay nagpapakita na ang ngipin/mga ngipin ay maaaring may impeksyon; mangyaring makipag-ugnayan sa iyong dentista dahil maaaring kailanganin muna ng ibang serbisyo.</p> <p>11 Batay sa mga x-ray, talaan ng tsart at/o impormasyon na nakumpirma ng iyong klinikal na pagsasalang eksaminasyon hindi mo kailangan ng malalim na paglilinis.</p> <p>12 Ang serbisyong ito ay hindi maaaring aprubahan dahil nauugnay ito sa isang tinanggihang pamamaraan sa parehong plano sa paggamot na ipinadala ng iyong dentista.</p> <p>13 Batay sa impormasyong mula sa iyong dentista at/o sa isang klinikal na eksaminasyong pagsasala, ang iyong kasalukuyang kondisyon ng ngipin ay matatag, at ang hiniling na serbisyo ay hindi kinakailangan sa oras na ito.</p> <p>14 Batay sa mga x-ray at/o impormasyong kinumpirma ng iyong klinikal na eksaminasyong pagsasala, ang ngipin/mga ngipin ay napudpod nang natural o sanhi ng paggiling ng iyong ngipin. Ang hiniling na serbisyo ay hindi isang benepisyo ng programa maliban kung may pagkabulok o nasirang ngipin.</p> <p>15 Ipinapakita ng mga x-ray na ang ngipin ay masyado nang sira at hindi na maaaring ayusin. Ang iyong dentista ay maaaring mag-alok ng ibang paggamot.</p> |
|---|---|

16 Ipinapakita ng aming mga tala na ang ngipin ay inayos na may pagpasta o nilagyan ng isang koronang hindi kinakalawang na bakal.

17 Ang mga x-ray ay nagpapakita na ang serbisyo na hiniling ay hindi maaaring aprubahan dahil ang sakit sa gilagid ay nakasira sa buto na pumapaligid sa ngipin. Ang iyong dentista ay maaaring magbigay ng ibang paggamot.

18 Ang mga pinakamababang kinakailangan para sa braces ay hindi mapatunayan.

19 Ang isang bahagyang pustiso ay maaaring maging isang benepisyo lamang kapag mayroong buong pustiso sa tapat na arko.

20 Ang paggamot na root canal ay dapat na makumpleto nang sapat bago isaalang-alang ang korona.

21 Ang ngipin ay hindi ganap na nabuo. Ang iyong dentista ay maaaring mag-alok ng ibang paggamot.

22 Ang paggamot ay hindi kinakailangan dahil ang mga x-ray at dokumentasyon ay nagpapakita na walang pinsala sa ugat.

23 Ang isang stayplate ay maaaring maging isang benepisyo lamang upang palitan ang isang nawawalang permanenteng ngipin sa harap.

24 Ang mga x-ray ay nagpapakita na kinakailangan ang karagdagang mga pagbunot bago maaprubahan ang plano ng paggamot; mangyaring makipag-ugnayan sa iyong dentista.

25 Batay sa impormasyong ipinadala ng iyong dentista, ang iyong mga ngipin ay napakasama ang kondisyon na ang hiniling na bahagyang pustiso ay hindi isang benepisyo sa ilalim ng programang ito.

26 Batay sa impormasyong ipinadala ng iyong dentista, ang iyong mga ngipin ay maayos at hindi dapat palitan ng buong pustiso.

27 Batay sa impormasyong ipinadala ng iyong dentista, wala kang buong pustiso sa tapat na arko; samakatuwid, hindi ka kwalipikado para sa isang metal na bahagya. Gayunpaman, kung nawawala ang iyong mga ngipin sa harap, kwalipikado ka para sa isang stayplate.

28 Batay sa mga x-ray, dokumentasyon, at/ o impormasyong natanggap mula sa iyong eksaminasyong pagsasala, ang iyong mga ngipin at/ o gilagid ay nasa napakasamang kondisyon na ang hiniling na paggamot ay hindi isang benepisyo sa ilalim ng programang ito. Ang iyong dentista ay maaaring magrekomenda ng ibang paggamot.

29 Ang iyong kahilingan para sa mga serbisyo sa ngipin ay ibinalik sa iyong tagapagbigay ng ngipin para sa karagdagang impormasyon. Ang iyong tagapagbigay ay mayroong 45 araw upang muling magsumite ng hiniling na impormasyon. Walang kinakailangang aksyon mula sa iyo, ngunit maaari kang makipag-ugnay sa iyong dentista tungkol sa kahilingang ito. Ang isang kahilingan para sa isang Pagdinig ng Estado ay hindi isang opsyon sa ngayon.

30 Pinapayagan ang mga nakapirming tulay kapag pinipigilan ng isang kondisyong medikal ang paggamit ng pustisong natatanggal.

31 Ang ngipin ay wala sa normal na posisyon at hindi maisasaayos sa ilalim ng programang ito.

32 Batay sa impormasyon na natanggap mula sa isang pagsasala na eksaminasyon, ang iyong kasalukuyang pustiso ay sapat na sa panahong ito.

33 Batay sa iyong kamakailang pagsasala na eksaminasyon, ang pustiso ay hindi tamang paggamot para sa iyo. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong dentista para sa ibang mga opsyon.

34 Ang hiniling na serbisyo ay hindi aprubado dahil may sapat na ngipin na natitira sa arko upang masuportahan ang pustiso.

- 35 Sa panahon ng eksaminasyong pagsasala, sinabi mong hindi mo nais ang anumang mga serbisyo sa ngipin sa ngayon o nais mong makita ng ibang dentista.
- 36 **Ang bilang ng mga aprubadong pagbisita ay inakma dahil ikaw ay magiging 21 taong gulang na bago makumpleto ang paggamot. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong dentista.**
- 37 Ang ngipin ay hindi ipinapakita sa isinumite na mga x-ray.
- 38 **Batay sa mga x-ray at/o impormasyon na natanggap mula sa iyong eksaminasyong pagsasala, kailangan mo ng karagdagang paggamot mula sa iyong dentista bago isaalang-alang ang pamamaraan.**
- 39 Ang mga x-ray ay nagpapakita na walang sapat na lugar para sa hiniling na pustiso.
- 40 **Ang programang ito ay hindi sumasaklaw sa braces kapag mayroon pang mga hindi permanenteng ngipin.**
- 41 Batay sa mga x-ray at impormasyon na natanggap mula sa iyong eksaminasyong pagsasala, ginigiling mo ang iyong ngipin. Hindi saklaw ng programa ang mga serbisyo para sa kondisyong ito.
- 42 **Ang pamamaraan ay hindi isang benepisyo para sa isang ngipin ng sanggol o para sa isang ngipin ng sanggol na handa na mahulog. Ang iyong dentista ay maaaring mag-alok ng ibang paggamot para sa iyong kondisyon.**
- 43 Hindi maaayos ng hiniling na pamamaraan ang iyong problema sa ngipin. Ang iyong dentista ay maaaring mag-alok ng ibang paggamot para sa iyong kondisyon.
- 44 **Batay sa impormasyong natanggap mula sa iyong dentista, ang hiniling na serbisyo ay para lamang sa mga dahilang pangkosmetiko. Ang mga serbisyo para lamang sa mga layuning pang-kosmetiko ay hindi isang benepisyo ng programa.**

- 45 Ang iyong kasalukuyang pustiso ay maaaring maayos sa pamamagitan ng pagpapalit sa panloob na bahagi ng pustiso.
- 46 **Hindi namin mapatunayan ang iyong pagiging karapat-dapat para sa programang ito.**
- 47 Dapat makipag-ugnayan ang iyong dentista sa Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California bago isumite ang pamamaraang ito para sa pagbabayad o pag-apruba.
- 48 **Ang Mga Serbisyo ng EPSDT ay hindi benepisyo para sa mga pasyente na 21 taong gulang pataas.**
- 49 Ang (mga) Serbisyo ng EPSDT na hiniling ay hindi medikal na kinakailangan.

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong reklamo? Paano ako maghahain ng pormal na reklamo?

Kausapin muna ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin kung mayroon kang reklamo. Ang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay kadalasang mabilis na nalulutas ang reklamo mo. Kung hindi mo gustong kausapin muna ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin, o o kung hindi maasikaso ng provider mo sa ngipin ang reklamo mo, makakatulong ang Medi-Cal Dental. Tumatanggap kami ng mga reklamo sa telepono o sa sulat.

Mga Reklamo sa Telepono

Para makapagreklamo sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono (Telephone Service Center, TSC). Ibigay sa kanila ang iyong impormasyon at ang pangalan ng sangkot na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin. Ilarawan ang iyong problema. Kabilang dito ang mga sangkot na serbisyo at anumang aksyon o kawalan ng aksyon. Gagawin namin ang lahat upang lutasin ang problema sa tawag na iyon. Maaari kang makatanggap ng isang follow up na tawag na may karagdagang impormasyon o mga mapagkukunan na nauugnay sa reklamo.

Sentro ng Serbisyo sa Telepono ng Medi-Cal Dental:

1-800-322-6384: Para sa Tagalog, Pindutin ang 11

Teletext Typewriter (TTY):

1-800-735-2922

Mga Reklamo sa pamamagitan ng Email o Sulat sa Koreo

Kung pipiliin mo na magpadala ng isang nakasulat na reklamo, maaari mong i-download ng isang [Medi-Cal Dental Complaint Form](#) mula sa *Smile, California* website. Maiipadala mo sa email ang nakumpletong form sa MemberFormReturn@delta.org o ipadala ito sa koreo sa Medi-Cal Dental sa:

Medi-Cal Dental Program
Member Services Group
P.O. Box 15539
Sacramento, CA 95852-1539

Ang isang halimbawa ng Form ng Reklamo ng Medi-Cal Dental ay nasa susunod na pahina, Makikita mo rin ang form sa *pahina ng Smile, California* [Members](#) sa 18 na iba pang wika.

Sumusunod ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa mga naaangkop na batas Pederal sa mga karapatang sibil at hindi nandidiskrimina batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian. Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ay hindi ibinubukod o tinatrato ang mga tao nang naiiba dahil sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian. Upang alamin ang higit pa tungkol sa patakaran sa hindi pandidiskrimina, mangyaring bisitahin ang website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#).

PANGALAN: _____ PETSANG: _____

ADDRESS: _____

LUNGSOD: _____ STATE: _____ ZIP CODE: _____

ID ng Form para sa Serbisyo:

FORM SA PAGREREKLAMO TUNGKOL SA MEDI-CAL DENTAL

Pakipunan ang form sa ibaba at ilarawan nang kumpleto ang iyong mga tanong o reklamo. Mahalaga ang impormasyong ito at kinakailangan ito para magsiyasat at lutasin ang iyong mga tanong o reklamo.

MEDI-CAL SA ESTADO NG CALIFORNIA
NUMERO NG IDENTIFICATION CARD PARA SA MGA BENEPISYO: _____

NUMERO NG TELEPONO: (____) _____

NUMERO NG TELEPONO PARA SA MENSAHE: (____) _____

IYONG KINATAWAN (kung hindi ang sarili mo):

PANGALAN: _____

ADDRESS: _____

LUNGSOD: _____, STATE: _____ ZIP CODE: _____

NUMERO NG TELEPONO: (____) _____

ANG PANGALAN NG IYONG PROVIDER SA NGIPIN: _____

PANGALAN: _____

ADDRESS: _____

LUNGSOD: _____, STATE: _____ ZIP CODE: _____

NUMERO NG TELEPONO: (____) _____

P.O Box 15539 • Sacramento, CA 95852- 0609 • (800) 322- 6384

FORM SA PAGREREKLAMO TUNGKOL SA MEDI-CAL DENTAL (PAHINA 2)

URI NG REKLAMO:

- Hindi kumpleto o hindi kasiya-siya ang serbisyo ng dentista
- Hindi kasiya-siya ang proseso ng Klinikal na Screening
- Iba pa
- Mga Komento (Pakilarawan dito nang kumpleto ang iyong mga tanong o reklamo/mga karaingan. Gamitin ang likod na bahagi ng form na ito o ang mga karagdagang pahina kung kailangan mo ng karagdagang puwang.)

PAKIPIRMAHAN AT LAGYAN NG PETSANG FORM NA ITO:

Maaaring kailanganing kunin ang iyong mga medikal na rekord sa iyong provider ng pangangalaga sa ngipin. Ang iyong pirma sa ibaba ay nagbibigay ng pahintulot na ilabas ang iyong mga rekord sa ngipin sa Medi-Cal Dental.

PIRMA _____ PETSANG _____

Ibalik ang form na ito sa: Medi-Cal Dental Program
Member Services Group
P.O. Box 15539
Sacramento, CA 95852-1539

Kapag natanggap namin ang impormasyong ito, sisiyasatin namin ang iyong mga tanong o reklamo/karaingan at aabisuhan ka sa mga nalaman. Kung kinakailangan mong pumunta para sa isang klinikal na eksaminasyon upang maayos ang bagay na ito, aabisuhan ka namin sa sulat tungkol sa petsa, oras at lokasyon ng appointment na ito.

P.O. Box 15539 • Sacramento, CA 95852- 0609 • (800) 322- 6384

Ano ang mangyayari kung maghain ako ng reklamo?

Kung maghain ka ng isang reklamo sa telepono, gagawin namin ang aming makakaya upang malutas ang reklamo sa panahon ng tawag. Gayunpaman, ang ilang mga reklamo ay maaaring mangailangan ng ilang hakbang bago malutas. Dahil dito, maaari kang makatanggap ng isang follow up na tawag na may karagdagang impormasyon o mga update na nauugnay sa iyong reklamo.

Kung naghain ka ng nakasulat na reklamo, ipapaalam namin sa iyo na natanggap ito sa loob ng limang araw ng kalendaryo pagkatapos naming makuha ito. Ang nakasulat na reklamo ay maaaring maisangguni sa isang consultant sa ngipin ng Medi-Cal. Pagpapasiyahan nila ang susunod na aksyon.

Maaari kaming:

- Makipag-ugnayan sa iyo at/o sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Ire-refer ka para sa isang pagsusuri na clinical screening.
- Ipadala ang reklamo mo sa ibang departamento.

Padadalhan ka namin ng sulat na bumubuod sa mga nalaman at mga dahilan ng desisyon sa loob ng 30 araw pagkatanggap namin sa reklamo. Karamihan sa mga reklamo ay malulutas sa loob ng 30 araw. Gayunpaman, ang ilang mga reklamo ay maaaring mas matagal bago malutas. Halimbawa, maaaring kailanganin mo ang karagdagang panahon para puntahan ang iyong appointment para sa clinical screening.

Kung hindi ko gusto ang mangyayari kapag maghahain ako ng reklamo, may iba pa ba akong magagawa?

Kung hindi ka kuntento sa desisyon sa pagsusuri sa reklamo, mangyaring tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Telepono. Maaaring hilingin sa iyo na magpadala ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot at tumanggap ng isa pang clinical screening. Maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado kung hindi ka pa rin kuntento. Upang alamin ang higit pa tungkol sa mga Pagdinig ng Estado ng Medi-Cal, mangyaring bisitahin ang website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#).

Proseso ng Pagdinig ng Estado

Kung ang paggamot na hiniling ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ay tinanggihan o binago, kung hindi ka nasisiyahan sa kinalabasan ng iyong reklamo, o tinaggihan ang iyong kahilingan sa pag-refund ng Conlan (tingnan ang seksyon na **Halaga ng mga Serbisyo sa Ngipin**), maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS). Matutulungan ka ng tanggapan ng mga Serbisyong

Panlipunan sa iyong county sa kahilingang ito. Maaari kang makahanap ng kumpletong listahan ng mga tanggapan ng county sa website ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#). Ang paghiling ng Pagdinig ng Estado ay hindi makakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo sa ngipin. Hindi ka mapaparusan sa paghingi ng pagdinig. Pananatilihin namin ang pagkakumpidensiyal sa kabuuan ng proseso ng reklamo.

Maaari mong katawanin ang iyong sarili sa Pagdinig ng Estado. Maaari ka ring katawanin ng isang kaibigan, abugado, o sinumang ibang tao. Ikaw ang responsable sa paggawa ng mga kasunduan kung gusto mong katawanin ka ng isang tao. Upang kumuha ng libreng tulong ng abogado, tawagan ang Public Inquiry and Response Unit ng CDSS sa 1-800-952-5253. Makakatulong din ang yunit na ito sa pangkalahatang na impormasyon tungkol sa proseso ng Pagdinig ng Estado.

Para sa karagdagang libreng legal na tulong, tawagan ang Department of Consumer Affairs ng California sa 1-800-952-5210 o sa TTY 1-800-326-2297. Maaari mo ring tawagan ang lokal na Lipunan ng Legal na Tulong sa iyong county sa 1-888-804-3536.

Kailan ako hihingi ng Pagdinig ng Estado?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa natanggap mong Abiso sa Aksyon ng Medi-Cal Dental, dapat mong talakayin muna ang iba't ibang plano ng paggamot sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin para matanggap ang pinakamagandang pangangalaga na saklaw ng Medi-Cal Dental Program. Kung sumasang-ayon kayo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na hindi opsyon ang ibang plano ng paggamot, mayroon kayong 90 araw makalipas ang petsa na nasa Abiso sa Aksyon ng Medical Dental upang makahiling ng isang Pagdinig ng Estado.

Paano ko sisimulan ang proseso?

Maaari mong simulan ang proseso sa pagtawag sa walang bayad na 1-800-952-5253 o sa [paggawa ng account](#). Maaari mong ipadala ang kopya ng buong Abiso sa Aksyon ng Medi-Cal Dental o sumulat sa:

California Department of Social Services State Hearings Division
P.O. Box 944243 MS 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Kung tumatawag o sumusulat ka para humiling ng Pagdinig ng Estado, siguraduhing isama ang Document Control Number (DCN), na makikita sa Abiso sa Aksyon ng Medi-Cal Dental. Tinutukoy ng DCN ang Kahilingan ng Awtorisasyon ng Paggamot para sa mga serbisyong tinanggihan at kasama ang DCN upang makatulong sa pagpapabilis ng proseso ng iyong kahilingan. Kung ikaw ay tumatawag o sumusulat upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado dahil hindi ka nasiyahan sa resulta ng iyong kaso ng reklamo, tiyaking isama ang pagkakakilanlan ng Form ng Serbisyo na kasama sa iyong sulat ng pagtanggap.

Mga Salita na Kaugnay sa Ngipin at Iba pang Kahulugan

May maraming salitang ginagamit sa Medi-Cal Dental Program na may espesyal o teknikal na kahulugan. Maaaring hindi pamilyar ang ilang salita na kaugnay sa ngipin. Umaasa kaming makakatulong sa iyo ang mga sumusunod na kahulugan. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono.

Aid Code: Inilalarawan ang uri ng Medi-Cal coverage na mayroon kka.

Apela: Isang pormal na kahilingan na humihiling na repasuhin ng Medi-Cal Dental ang mga hindi inaprubahang serbisyo para sa hiniling o ibinigay na paggamot. Ang isang apela ay maaaring ihain ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin, ikaw mismo, o isang Awtorisadong Kinatawan.

Awtorisasyon: Tingnan ang Paunang Awtorisasyon.

Miyembro: Isang taong karapat-dapat para sa mga benepisyo sa Medi-Cal.

Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC): Ang card ng pagkakakilanlan na ibinibigay sa miyembro ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan. Kasama sa BIC ang numero ng miyembro at iba pang mahalagang impormasyon.

Mga Benepisyo: Mga medikal na kinakailangang serbisyo sa ngipin na ibinibigay ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal.

Klinika (medikal na klinika): Ang klinika ay isang pasilidad sa kalusugan na pangunahing nakatuon sa pangangalaga sa mga outpatient. Upang makatanggap ng mga serbisyo sa ngipin mula sa isang klinika, ang klinika at ang mga tagapagbigay ng serbisyo ng klinika ay dapat na nakatala sa Medi-Cal. Maaari kang maghanap ng mga nakatala na klinika para sa ngipin na malapit sa iyo sa *Smile, California* [pahina na Maghanap ng Dentista](#). Para sa mga katanungan tungkol sa kung ang isang klinika ay nakatala o tumatanggap ng mga bagong pasyente, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono.

Clinical Screening: Isang pagsusuri ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin upang magbigay ng opinyon tungkol sa iminumungkahing paggamot o ibinigay ng ibang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal. Maaaring mangailangan ang Medi-Cal Dental Program ng clinical screening sa ilalim ng ilang mga partikular na sitwasyon.

Reklamo: Isang berbal o nakasulat na pagpapahayag ng hindi nasisiyahan, kabilang ang anumang pagtatalo, kahilingan para sa pagsasalang-alang muli, o apela na ginawa ng isang miyembro o ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin sa ngalan ng miyembro.

Copayment: Isang maliit na bahagi ng bayad sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na binabayaran ng miyembro.

Mga Saklaw na Serbisyo: Pangkat ng mga pamamaraan sa ngipin na mga benepisyo ng Medi-Cal at makukuha ng mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal. Magbabayad lamang ang Medi-Cal Dental para sa mga medikal na kinakailangang serbisyo na ibinigay ng isang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na mga benepisyo ng Medi-Cal Dental Program.

Espesyalista sa Ngipin: Isang tagapagbigay ng serbisyo ng espesyal na pangangalaga sa ngipin tulad ng endodontics (mga root canal), oral surgery, pediatric dentistry (dentista para sa bata), periodontics (pangangalaga sa mga gilagid at buto na nakapaligid sa ngipin), at orthodontics (braces).

Maaga at Pana-panahong Screening, Diyanostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment, EPSDT): Pinapayagan ng EPSDT ang mga nakatala sa Medi-Cal na wala pang 21 taon na makakuha ng mga serbisyo para sa ngipin kaugnay ng pagiwas (screening) at upang makakuha ng mga serbisyong pangdiyagnostiko at paggamot na medikal na kailangan o upang maayos ang mga kondisyong pangkalusugan

Pagiging Karapat-dapat: Tumutukoy sa pagtugon sa mga hinihingi para makatanggap ng mga benepisyo sa Medi-Cal.

Emergency na Kondisyon ng Ngipin: Isang kondisyon ng ngipin na kung walang agarang atensyon ay makatwirang maaasahang magresulta sa paglalagay sa panganib sa kalusugan ng isang indibiduwal, na nagdudulot ng matinding pananakit o nagpapahina ng pagkilos.

Endodontist: Isang espesyalista sa ngipin na limitado ang kasanayan sa paggamot ng sakit at mga pinsala sa nerve at ugat ng ngipin.

Full Scope Medi-Cal: Nagbibigay ang Full Scope Medi-Cal ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga taong mababa ang kinikita. Lahat ng batang nakatala sa Medi-Cal, mga batang nasa foster care at mga dating foster youth hanggang sa edad na 26, mga indibidwal na buntis, at mga taong bulag o may kapansanan ay may full scope.

Pagkakakilanlan: Tumutukoy sa isang bagay na nagpapatunay kung sino ang isang tao na may litrato, tulad ng lisensiya sa pagmamaneho.

Mga Limitasyon: Tumutukoy sa bilang ng mga serbisyong pinahihintulutan, uri ng serbisyong pinahihintulutan, at/o ang pinakaangkop na serbisyo.

Medi-Cal Dental: Ang May Bayad na Serbisyong programa ng Medi-Cal Dental..

Medikal na Kinakailangan: Mga saklaw na serbisyong kailangan para sa paggamot ng mga ngipin, gilagid, at sumusuportang structure at na (a) ibinibigay ayon sa mga pamantayan ng kasanayan na kinikilala ng mga propesyonal; (b) ipinapasya ng gumagamot na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin bilang naaayon sa kondisyon ng ngipin; at (c) ang pinaka-angkop na uri, supply at antas ng serbisyo kapag isasaalang-alang ang mga posibleng panganib, benepisyo, at mga saklaw na serbisyo na mga alternatibo.

Iba pang Coverage para sa Kalusugan/Iba pang Insurance sa Kalusugan: Coverage para sa mga serbisyong nauugnay sa ngipin sa ilalim ng anumang pribadong plano sa ngipin, anumang programa sa insurance, anumang iba pang programa ng Estado o federal para sa pangangalaga ng ngipin, o sa ilalim ng iba pang ayon sa kontrata o legal na karapatan.

Doktor na Nag-oopera ng Bibig: Isang espesyalista sa ngipin na limitado ang kanyang kasanayan sa pag-diagnose at paggamot sa pamamagitan ng operasyon sa mga sakit, pinsala, mga depekto, depekto at hitsura ng bibig, mga panga at mukha.

Orthodontist: Isang espesyalista sa ngipin na limitado ang kanilang kasanayan sa pag-iwas at paggamot ng mga pagsusukat ng mga ngipin sa itaas at ibaba, tulad ng mga brace.

Tagapagbigay ng Serbisyo sa Ngipin ng Bata: Isang espesyalista sa ngipin na limitado ang kanilang kasanayan sa paggamot ng mga bata mula pagkapanganak hanggang sa pagbibinata o pagdadalaga, nagbibigay ng pangunahin at kumpletong paggamot na pangangalaga para makaiwas sa sakit.

Periodontist: Isang espesyalista sa ngipin na limitado ang kanilang kasanayan sa paggamot ng mga sakit ng mga giligid at tisyu sa paligid ng mga ngipin.

Nauugnay sa Pagbubuntis: Ang mga serbisyong kaugnay ng pagbubuntis ay makukuha mula sa araw na medikal na itinakda ang pagbubuntis at hanggang sa 12 buwan matapos isilang ang iyong sanggol (pagkatapos ng pagbubuntis). Kahit ano pa ang iyong aid code at/o saklaw ng mga benepisyo, ang mga buntis na indibidwal ay karapat-dapat na makatanggap ng lahat ng saklaw na pamamaraan sa ngipin basta't natutugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan at pamantayan ng pamamaraan.

Paunang Awtorisasyon: . Ang mga miyembro ay makakatanggap ng isang Abiso ng Aksyon ng Medi-Cal Dental kung ang paggamot sa ngipin ay ipinagpaliban, binago o tinanggihan.

Prosthodontist: Isang espesyalistang dentista na limitado ang kanilang kasanayan sa pagpapalit sa nawawalang mga ngipin ng mga pustiso, bridge o iba pang pamalit.

Tagapagbigay ng Serbisyo: Isang indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin, Rehistradong Hygienist sa Ngipin sa isang Alternatibong Kasanayan, grupo ng dentista, paaralan sa ngipin o klinika na nakatala sa Medi-Cal Dental na programa para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng bibig sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Mga Rehistradong Hygienist ng Ngipin sa Alternatibong Kasanayan (Registered Dental Hygienists in Alternative Practice - RDHAP): Isang tagapaglinis ng ngipin na lisensiyadong magpatakbo ng isang pribadong practice. Ang RDHAPs ay nagbibigay ng mga serbisyong para sa kalinisan ng ngipin (paglilinis) sa mga tahanan, paaralan, mga pangtirahang pasilidad, at mga lugar na hindi gaanong napaglilingkuran.

Limitadong Sakop: Limitado sa mga Pang-Emergency na serbisyo lamang.

Bahagi sa Gastos: Halaga na dapat bayaran o ipangakong babayaran bawat buwan para sa kalusugan o para sa ngipin bago bayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyong medikal o para sa ngipin.

Mga Kinakailangan: Tumutukoy sa isang bagay na kailangan mong gawin, o mga patakaran na kailangan mong sundin.

Responsibilidad: Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o inaasahang gagawin.

Pagdinig ng Estado: Ang Pagdinig ng Estado ay isang legal na proseso na nagpapahintulot sa mga miyembro na makahiling ng isang muling pagsusuri kaugnay ng isang tinanggihan o binagong Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot. Pinahihintulutan din nito ang miyembro o tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin na humiling ng muling pagsusuri muli ng kaso ng pagsasauli ng nagastos.

Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot: Isang kahilingang isinumite ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal para sa pag-apruba sa mga partikular na saklaw na serbisyo bago magsimula ang paggamot. Kailangan ang Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot para sa mga partikular na serbisyo at sa ilalim ng mga espesyal na sitwasyon.

Ang Mga Karapatan at Responsibilidad Mo

Ano ang aking mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng programang Medi-Cal?

Kapag mag-a-apply ka para sa Medi-Cal, makakakuha ka ng listahan ng iyong mga karapatan at responsibilidad. Kabilang dito ang pag-uulat ng mga pagbabago sa address, kita, o kung may magbuntis o nanganak na tao. Mahahanap mo ang pinakabagong listahan ng iyong mga karapatan at responsibilidad [dito](#). Mahahanap mo rin ang patakaran sa hindi nandiskrimina ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [dito](#).

May karapatan kang:

- Matrato nang may respeto at dignidad.
- Kumuha ng mga serbisyo sa ngipin na karapat-dapat mong tanggapin bilang benepisyo sa Medi-Cal Dental Program ng isang nakatalang tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Makakuha ng mga appointment sa loob ng makatwirang panahon.
- Makibahagi sa mga pag-uusap at desisyon tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga ng ngipin, kabilang ang mga opsyon na naaangkop o medikal na kinakailangan na paggamot.
- Mapanatiling kumpidensiyal ang iyong mga rekord ng ngipin. Ibig sabihin nito na hindi namin ibabahagi ang impormasyon ng pangangalaga ng iyong ngipin nang wala kang nakasulat na permiso o maliban kung pinahihintulutan ito ng batas.

- Sabihin sa amin ang mga ikinababahalang tungkol sa Medi-Cal Dental, o tungkol sa mga serbisyo sa ngipin na natanggap mo.
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa Medi-Cal Dental, mga makukuhang serbisyo at mga tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Tingnan ang iyong mga rekord sa ngipin.
- Humiling ng tagapagsalin-wika nang wala kang babayaran.
- Gumamit ng mga interpreter na hindi mo kapamilya o kaibigan.
- Maghain ng reklamo kung hindi natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa wika.

Ang iyong mga responsibilidad ay ang:

- Ibigay sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at sa Medi-Cal ang tamang impormasyon.
- Maunawaan ang iyong (mga) problema sa ngipin at makilahok sa pagbuo ng mga layunin sa paggamot, hangga't maaari, kasama ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin.
- Palaging ipakita ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card) kapag kumukuha ng mga serbisyo.
- Magtanong tungkol sa anumang kondisyon ng ngipin at siguraduhing malinaw sa iyo ang mga pagpapaliwanag at instruksyon.
- Magtakda at puntahan ang mga appointment sa dentista. Dapat mong ipagbigay-alam sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment kung kailangan mong kanselahin ang isang appointment.
- Tulungan ang Medi-Cal Dental na panatilihin na tama at kasalukuyang ang mga medikal na rekord sa pamamagitan ng pagbibigay ng napapanahong impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa address, katayuan ng pamilya at iba pang coverage sa pangangalagang pangkalusugan.
- Abisuhan ang Medi-Cal Dental sa lalong madaling panahon kung magkamaling singilin ka ng tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin o kung mayroon kang reklamo.
- Tratuhan ang lahat ng tauhan ng Medi-Cal Dental at mga tanggapan ng dentista nang may respeto at paggalang.

Mahalaga sa Amin ang Iyong Pagkapribado

Inilalarawan ng seksyong ito kung paano tumanggap ng impormasyon tungkol sa kung paano maaaring magamit at maisiwalat ang medikal na impormasyon. Inilalarawan din nito kung paano ka magkakaroon ng access sa iyong impormasyon.

Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado

Padadalhan ka ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa koreo ng Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado bilang bahagi ng iyong Medi-Cal welcome packet. Maaari mo ring ma-access ang isang kopya online [dito](#). Inilalarawan ng abisong ito ang iyong mga karapatan sa pagkapribado at mga pagpipilian tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan.

Paano ko makikita kung anong protektadong impormasyon sa kalusugan tungkol sa akin na mayroon ang Medi-Cal Dental?

Ikaw ay may karapatang hilingin na makita ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa mga rekord na pinananatili ng Medi-Cal Dental. May karapatan ka ring humiling ng mga kopya ng mga rekord na iyon. Maaaring singilin ka para sa halaga ng pagkopya sa mga rekord at selyo para sa pagpapadala. Makakatanggap ka ng sagot sa loob ng 30 araw matapos naming matanggap ang iyong kahilingan.

Kakailanganin mong magpadala sa amin ng isang kopya ng iyong lisensya sa pagmamaneho sa California (ID) Kard mula sa Departamento ng mga Sasakyang De-motor, o iba pang ID na makakapagpatunay sa iyong pagkakakilanlan. Kakailanganin mo ring magpadala ng dokumentasyon na nagpapatunay ng iyong address.

Makakapag-download ka ng form para sa Hiling ukol sa Impormasyon tungkol sa Personal na Kalusugan [dito](#). Maaari ka ring tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Telepono upang humiling ng isang kopya.

Ipadala sa koreo ang nakumpletong form kasama ng iyong ID sa:

Medi-Cal Dental Program
Attn: HIPAA Privacy Contact
P.O. Box 15539
Sacramento, CA 95852-1539

Tandaan: anumang pagtatangkang magkaroon ng access sa protektadong impormasyon ng kalusugan sa maling paraan ay napapasailalim sa mga legal na parusa.

Nakatuon ang Medi-Cal Dental sa pagprotekta sa impormasyong ibinibigay ninyo sa amin. Upang mapigilan ang hindi awtorisadong access o pagsisiwalat, para mapanatili ang kawastuan ng datos, at para masigurado ang angkop na paggamit sa impormasyon, naglagay ang Medi-Cal Dental ng naaangkop na mga aktwal at pamamahala na pamamaraan para mapangalagaan ang impormasyong kinokolekta namin.